# 5 Pananglet at 11 Pataasan sa Panahon ng Veerus

John E. Barrios

## Pananglet

*Ang Pananglet ay maiiksing naratibo na ginagawang "pantabon" sa mga espasyong bakante sa mga pahayagan noong bungad ng ikadalawampung siglo sa pahayagang *Makinaugalingon* sa Iloilo. Gagamitin ito ngayon bilang "paningit" na post sa Facebook. Ang mga pananglet sa koleksiyong ito ay napost sa FB simula Abril 21-25, 2020.


## Pananglet 1

Dahil sa lockdown, ang mga kalaban ng tao ay nagsilabasan. Unang ibinalita ang paglabas ni Aswang sa Lapus, sumunod si Tikbalang sa Mina, at nitong huli ay si Engkantawo sa siyudad. Si Aswang ay lumabas sa kabila ng curfew dahil hindi nakatanggap ng rasyong dalawang kilo ng bigas at tatlong lata ng sardinas mula sa barangay. Si Tikbalang ay nagpalundag-lundag sa bubong ng kabahayan sa paghahanap ng Social Amelioration Card na itinago ng isang gahamang konsehal at ibinigay sa kanyang kabit. Samantala, si Engkantawo ay napilitan lamang magpakita sa mga tao dahil kailangan niyang gisingin at piliting manood ang mga tagabaranggay para may manood sa presscon ng kanyang amo na palagi na lang ginagabi ang pagbrodkas sa TV.

## Pananglet 2

Ang Iloilo City ay binansagang "Wakanda of the Philippines" sa kasagsagan ng pandemya, na para bang isa na itong bansa sa loob ng isang bansa. Ito ay dahil sa kailangan na ng siyudad na kalabanin ang veerus nang mag-isa dahil parang walang tulong na darating mula sa mga mahihinang superheroes sa Maynila. Heto ang mga patunay:

1. Nagtayo ang mamamayan ng sariling mga pasilidad para ma-test ang mga suspetsadong may veerus;
2. Nagtulong-tulong ang mga mamamayan para mapakain ang walang makain;
3. Maraming namigay ng PPEs, alcohol, at face masks;
5. Nagpagawa ang lungsod ng "temporary hospital" sa mga gym;
5. Hinuli ang mga aswang at tikbalang; at
6. Ginawang viral sa FB na puwede nang kumandidatong presidente ang meyor.




Iyon nga lang, hindi tulad ng hindi nakikitang Wakanda ng Africa, ang Iloilo ay naririyan pa rin sa ating mapa, kulay pula, patunay na isa itong lungsod na tinamaan ng pandemya.

## Pananglet 3

Halos lagpas isang buwan nang hindi nakakatikim ng alak si Konsehal. Ngiting abot hanggang magkabilaang tenga ang nabuo sa kanya nang i-lift ng meyor ang ban sa nakalalasing na inumin. Agad-agad nitong tinawagan ang kanyang mga kainumang konsehal at tanod ng barangay. Nagtakda sila ng oras para sa gagawing drinking session. Alas-sais y medya ng gabi.

Pagsapit ng alas-sais bente-singko, isa-isa na silang pumuwesto sa kani-kanilang mga upuan. At eksaktong alas-sais y medya ay sinimulan ang inuman. Kanya-kanyang bukas ng bote ng beer. Nagtagayan at nagpasiklaban pa ng inihandang pulutan. Nang makaraming bote na at makitang halos lasing na ang ibang kasama, nagpaalam na sila sa isa't isa. Sabi ng tanggerong Konsehal, "Shige mga preeh, bhukas hinuman ulih tayooh dheeto sha Zhoom."




Ilustrasyon ni Asa Sofia R. Barrios


At saka sabay na pinindot ang exit button ng app sa kanyang laptop.

## Pananglet 4

Galit siya sa mga nagpopost ng mga pagkain sa FB. Wala raw itong ipinagkaiba sa porn. Kaya nga tinawag itong "food porn." Gayundin ang pagkahumaling ng kanyang unibersidad sa acad work; tinawag din itong "productivity porn."

Nakakayanan pa ng mga taong ito na magpost ng curated picture ng food habang ang nakararami sa Filipinas ay hindi na halos makakain ng disenteng pagkain, tanong niya sa kanyang post. Kahit ang mga pusa hindi na nga raw umaakyat ng mesa dahil puro na lang sardinas ang kanilang nakikita. Nahihirapan din silang lunukin ang mahabang noodles na rasyon ng gobyerno.

Galit din siya sa nagpopost ng mga bulaklak at ibon (flower and bird porn). O larawan ng mga nag-eeksersays (health porn).




Ilustrasyon ni Asa Sofia R. Barrios

Dahil dito sinimulan niya ang kanyang kampanya na ipost ang iba't ibang larawan ng mahihirap na kumakain ng noodles at sardinas. Hindi niya alam ang kanya rin palang ginagawa ay "poverty porn."

## Pananglet 5

"Sa diin kamo?" tanong ng bantay sa checkpoint.

"Sa Iloilo kami, Sir." sagot ko.

"ID lihog?" sabay abot ng kanyang walang guwantes na kamay. Dinukot ko ang aking wallet at kinuha ang aking ID. Mukhang hindi nakita ang hinahanap na salita.

"Indi kamo pwede magdiretso, balik na lang kamo."


"Ngaa indi kay doktor ako," pagrarason ko.

"Wala nakasulat sa inyo ID, suno diri nagatudlo kamo Physics," dagdag pa niya.

"Paano mo nahambal nga gatudlo ko Physics?"

"Sir, obvious ang nakabutang, ara o Physician."

Physician ≠ Doctor; therefore, NO ENTRY



## Pataasan

*Ang Pataasan ay maikling pagsasalaysay na ang karaniwang layunin ay magpatawa. Popular sa anyong ito ang mga kuwento tungkol sa Pilipino kontra ibang lahi sa mundo kung saan palaging panalo ang Pilipino. Napost sa FB ang mga pataasan sa koleksiyong ito simula Marso 27 hanggang Abril 20, 2020.

### Pataasan 1: Coco Joke

Mayroong pakontes tungkol sa kung sino ang may pinakamatigas ang ulo sa Panahon ng COVID-19.

Intsik: Pesilente namin hini pinaalam sa mundo kahit kami dami na kaso COVID-19. (Tigasin)

Italyano: Prime Minister namin ayaw magdeklara lockdown kahit dami na ang namatay. (Matigas nga)

Iran: Imam namin ayaw pa umamin na meron na kami kaso ng mga travellers na infected ng virus. (Mas matigas)

Amerikano: Sabi ni Trump, "Wala 'yan, virus lang 'yan." (Sobra sa tigas)

Pilipino: Ito basahin niyo balita sa amin: "Makati Med: Coco not softened by virus, hard on coming out with wife." (Tinigasan pa)

#pilipinokontraibanglahisamundo #pataasan

## Pataasan 2: Lifespan ng Virus

May meeting ang mga eksperto sa virus sa buong mundo. Nagtanong ang isang eksperto kung ilang oras o araw ang lifespan ng virus.

Eksperto mula sa Italy: Honorable Gentleman from WHO, who said that the virus can stay up to twelve hours in metal surface?

Gentleman from WHO: We did. But as of the latest study, we found out that it can stay up to two weeks.

Eksperto mula sa China: Well, that depends on weather. It stays long in cold, die short in hot temperature.

Eksperto mula sa Iran: So why are we not spared? It's sizzling hot in our country.

Eksperto mula sa DOH: My dear gentlemen and our lady (from South Korea), isn't it obvious, WHO is telling the truth? WHO, we follow?

ALL: Amen. (Except that guy from Iran)

#pilipinokontraibanglahisamundo #pataasan

## Pataasan 3: Virus mula sa China

Sa isang kontes ng padumihan ng panti, unang ipinakita ng Amerikana ang kanyang panti na isang buwang hindi napapalitan. Matapos hubarin ay ibinalibag niya ito sa judges. Para itong mabigat na bagay na hindi man lang tumalbog sa mesa. Sumunod ang Intsik na halos mag-iisang taon nang hindi nakapagpalit. Sa paghubad pa lang ay naipakita na niya ang kahirapan dahil sa sobrang tigas ng panti. Hindi na nagawang ibalibag sa judges, binitbit na lang at inilagay sa mesa. Sumunod ang Koreana; pagkahubad pa lang ng

damit ng Koreana ay alam na ng mga judges na ito ang mananalo dahil sa kapal ng tumubong molds sa panti nito. At meron pang mga umaali-aligid na langaw. Pinalakpakan na ng lahat ng sumaksi ang Koreana. Mag-aalisan na sana ang mga judges nang humabol ang isang nilalagnat at hinang-hina na na Pilipina. Nang tanungin ang Pilipina ng isang judge kung matatalo niya pa kaya ang Koreana ay sinagot siya nito ng isang napakalakas na ubo sabay hubad at tapon ng panti sa harap ng judges. Laking gulat ng lahat nang hindi ito bumagsak, nanatili itong nakalutang sa ere nang matagal. Nang magtanong ang isang judge kung anong mayroon sa panti ng Pilipina, sinagot siya nito ng, "Coronavirus mula China."

## Pataasan 4: Emergency Powers

Tatlong taon matapos ma-lift ang lockdown sa Filipinas, nagkita-kita sa isang restoran ang apat na magkaklase na mga OFW maliban kay Juan na isang nars sa isang ospital sa bansa. Sabi ng kaklaseng nars sa Italy, "Noong idineklara ang lockdown sa amin sa Italy, ang presidente ay nagpalabas ng isang bilyong Euro." Hindi papatalo ang accountant na kaklase na taga-Amerika, sabi niya, "E, si Trump nga two billion dollars ang ipinalabas." Lalong hindi papatalo ang engineer na nagtatrabaho sa Iran, sabi niya, "Marahil hindi ninyo ito alam dahil hindi naman ibinabalita, ang presidente ng Iran ay nangutang ng three billion dollars sa IMF at World Bank para lang maligtas ang mga Muslim." Sobra-sobrang sakripisyo nga talaga ang kanyang ginawa. Nang tanungin ng tatlo kung ano ang ginawa ng presidente ni Juan sinabi nito na, "Wala kayo sa advance na pag-iisip ng aming presidente. Humingi siya ng emergency powers sa kongreso at inutusan ang SM, Ayala, at ibang malalaking negosyo na magbigay ng pera para panggastos sa pagsugpo ng veeerus."

#pilipinokontraibanglahisamundo #pataasan

## Pataasan 5: Pangontra sa Virus na Dumidikit sa Paa at Sapatos

Amerikano – pag-apak sa tela na may homemade disinfectant (40–50 mL Zonrox bleach + 1 L $H_2O$)

Indiano – paghugas ng paa sa sagradong tubig ng Ganghes river

South Korean – gumamit ng disposable plastic shoe wrapper

Chinese – sapatos gawa kahoy na iiwan labas bahay

Russian – pole vaulting

Filipino – pag-iwan ng kalahati ng katawan kung bibili ng supplies (manananggal pala na taga-Capiz hehe)

#filipinokontraibanglahisamundo #pataasan

## Pataasan 6: Dabest Contribution ng Isang Yorme

Sa isang miting ng League of Mayors, napag-usapan kung sino sa kanila ang may pinakamagandang ginawa.

Meyor mula sa Italy: Matapos tumaas ang positive sa virus, agad akong nag-utos ng lockdown.

Meyor mula sa South Korea: Dahil open at transparent ang aming government, ipinakalat ko ang information, advisories, at infographics sa buong bayan.

Meyor mula sa China: Tulad ng sa ancient times, pinamarkahan ko ng pulang pinta ang lahat ng bahay na may nakatirang umuubo at naghahatsing.

Meyor mula sa Amerika: Mahigpit kong ipinatupad ang social distancing at physical distancing para ma-flatten ang curve.

Meyor mula sa Filipinas: I STAY AT HOME, TO KEEP OTHERS SAFE!

#pilipinokontraibanglahisamundo #pataasan

## Pataasan 7: Pinakamatinding Conspiracy Theory tungkol sa COVID-19

Kano: Pinakawalan ng China para sa kanilang world domination.

Vietnamese: Diversion ang COVID para agawin ng China ang South China Sea.

Australian: Para yumaman pharma companies na magbebenta ng vaccine.

English: Resurgence ng communist power sa mundo.

German: Posibleng emergence ng superior race sa tinatawag na “herd immunity”.

Every Juan (Pabulong): Nasa sulat ni Pres. Xi Jinping kay Pres. Duterte na ayaw isapubliko.

#pilipinokontraibanglahisamundo #pataasan

## Pataasan 8: Pinakamabisa at Alternatibong Gamot sa COVID-19 (Para kay Sid Cruz sa kanyang bertdey)

Sa isang pagpupulong ng mga doktor ay napag-usapan kung ano ang maaaring inumin dahil hindi pa nga nadidiskubre ang vaccine. Nagmungkahi ang Intsik na uminom ng tea tatlong beses isang araw. Sumabat naman ang Indiano na mas mabisa ang turmeric tea kahit isang beses lang sa isang araw. Hindi papatalo ang Amerikano at nagmungkahi ng lahat ng prutas na mayroong Vitamin C. Pero mas mabisa daw ang pagkadiskubre ng mga Mexicano ng saging. Nang tanungin ang Pilipino kung ano ang iniinom sa Filipinas sumagot ito ng, “Parang dengue lang ’yan, TAWA-TAWA lang gamot namin d’yan.” At naTAWA silang lahat sa kanilang narinig.

#pilipinokontraibanglahisamundo #pataasan

## Pataasan 9: Ano ang PINAKAng Pangyayari sa Mundo Mahigit Siyam na Buwan Matapos ang ECQ?

1. Dumami ang robot na nagso-social work sa communist China.
2. Nawala ang polusyon sa kalangitan ng India.
3. Kumita ang maraming delivery service sa internet.
4. Natutong pahalagahan ng Australia ang toilet paper.
5. Mas nakilala ng mundo ang tea, saging, at VCO.
6. Bumagsak ang presyo ng oil sa world market.
7. Umakyat ng 30% ang populasyon ng Filipinas.
   (Naging national past time ng mga Filipino ang paggawa ng bata sa kasagsagan ng ECQ.)

#pilipinokontraibanglahisamundo #pataasan

## Pataasan 10: Ang May Pinakamatalim na Blade

Sa isang air-conditioned bar (air-conditioned bar ang piniling lugar dahil haka-haka na nakakalipad ang veerus sa sarado at malamig na lugar) ay nagpasikatan ang mga artista na gumanap ng papel ng mga bagani sa pelikula. Kung sino raw sa kanila ang makakahati ng katawan ng veerus gamit ang blade ay siyang pinakamagaling. Unang tumayo si Conan the Barbarian at isang beses na iwinasiwas ang napakalaki at napakabigat na espada. Nang tingnan ang sahig gamit ang magnifying lens, tatlong veerus ang nakalupasay, hati ang mga katawan. Palakpakan ang mga tao. Sumunod ang Japanese na si Kenshi. Iniumang ang samurai sword sa harap at sabay wasiwas sa hangin ng kanyang signature na X. Nang tingnan sa magnifying lens ay anim na veerus ang nakahandusay, wakwak ang mga tiyan. Palakpakan ang mga tao. Sumunod si Aladdin na may hawak na scimitar. Iwinasiwas niya ito ng tatlong beses. Nang tingnan ang sahig, siyam na veerus ang

nahati sa dalawa ang katawan. Palakpakan ang mga tao. Sumunod si Panday, tanging dala ay ang balisong gawang Batangas. Dahil dito nag-booo ang mga tao. Pinitik ng Panday ang sara ng balisong at lumantad ang maikling blade. Limang beses niya itong iwinasiwas. Nang tingnan sa magnifying lens ang sahig, ang nakita lamang ay isang veerus na buo pa. Muling nag-booo ang mga tao. Kaya't nagsalita ang Panday, "Tingnan ninyong mabuti mga kaibigan, kailan man ay hindi na makakapanganak ang veerus na 'yan." Nang muli nilang tiningnan, ang nakita nila ay walang itlog at isa nang kinapong veerus (castrated virus). Lumakas ang palakpakan ng mga tao.

#pilipinokontraibanglahisamundo #pataasan

## Pataasan 11: Ang Makakapagpasigaw sa Prinsesa ng Inglatera

Nakilala sa buong mundo ang pagiging manhid ng prinsesa ng Inglatera sa kasagsagan ng COVID-19 pandemic. Marami na ang nagsubok na pasigawin siya ngunit lahat ay nabigo. Nariyang unang nagsubok ang Amerikanong body builder ngunit pinagtawanan lang siya ng prinsesa. Kahit ang Afrikanong marathoner ay hindi nakapagpagulat sa kanya. Napaiyak rin siya sa sobrang awa nang magsubok ang isang Intsik. Hindi rin nakuha sa pakanta-kantang Italyano ang pagiging manhid ng prinsesa. Ngunit ang tanging nakapagpasigaw sa kanya ay ang Pilipinong nilangoy ang China Sea at naglakad mula sa China, padaan sa mga bansang may travel restrictions sa Asya, Middle East, at Europa, hanggang sa marating niya ang Inglatera.

Paano, noong pumasok siya ay nakita kaagad ng prinsesa ang sobrang daming veerus na sumama sa kanya mula sa mga dinaanang bansa.

#pilipinokontraibanglahisamundo #pataasan